Mensahe Anim

## Ang Pansansinukob na Kasaysayan ayon sa Ekonomiya ng Diyos—ang Dibinong Kasaysayan sa loob ng Pantaong Kasaysayan upang Tuparin ang Nais ng Puso ng Panginoon na Magkaroon ng Isang Bagong Tao sa Realidad

Babasahin sa Kasulatan: Joel 1:4; 3:11; Efe. 1:3-6; 2:15; 4:22-24; Mic. 5:2; Apoc. 19:7-9

**I. Sa sansinukob na ito ay may dalawang kasaysayan: ang kasaysayan ng tao, ang pantaong kasaysayan, at ang kasaysayan ng Diyos, ang dibinong kasaysayan; ang una ay gaya ng panlabas na balat, at ang huli, gaya ng pinakalaman sa loob ng balat—cf. Joel 1:4:**

A. Ang dibinong kasaysayan sa loob ng pantaong kasaysayan ay inihayag sa Biblia nang detalyado; ang kasaysayan ng Diyos ay ating kasaysayan sapagkat Siya ay nasa pakikipag-isa sa atin:

1. Kailangan nating makita ang kasaysayan ng Diyos sa walang hanggang nakalipas bilang isang paghahanda para sa Kanyang pagkilos na makipag-isa sa tao:
   a. Ang dibinong kasaysayan ay nagsimula sa walang hanggang Diyos at sa Kanyang ekonomiya; ayon sa Kanyang ekonomiya, ninanais ng Diyos na isagawa ang Kanyang sarili tungo sa tao upang maging kaisa ang tao, upang maging buhay, panustos-buhay, at lahat-lahat sa tao, at mataglay ang tao bilang Kanyang kahayagan—Efe. 3:9-10; 1:10; Gen. 1:26; 2:9.
   b. Ang Diyos sa Kanyang Dibinong Trinidad ay nagsanggunian sa kawalang-hanggan upang magpasya hinggil sa mahalagang kamatayan ni Kristo para sa pagsasakatuparan ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos—Gawa 2:23.
   c. Ang ikalawa sa Dibinong Trinidad ay naghanda upang isagawa ang Kanyang "mga paghayo" mula sa kawalang-hanggan tungo sa panahon upang maisilang sa Betlehem bilang isang tao—Mic. 5:2.
   d. Pinagpala ng Diyos ang mga mananampalataya kay Kristo ng mga espiritwal na pagpapala sa sangkalangitan bago itatag ang sanlibutan—Efe. 1:3-6.
2. Ang kasaysayan ng Diyos sa tao ay nagsimula sa pagkakatawang-tao at nagpatuloy sa Kanyang mga proseso ng pantaong pamumuhay, pagkapako sa krus, pagkabuhay na muli, at pag-akyat sa langit; sinasabi sa Hoseas 11:4 na ang mga ito ay mga tali ng tao, mga panali ng pag-ibig:
   a. Kalakip ng dibinong kasaysayan, ng pagkilos ng Diyos sa tao, ang naprosesong Kristo, ang Diyos-tao, bilang unang tularan, hanggang sa bagong tao upang mapasukdol sa Bagong Herusalem, ang dakilang Diyos-tao, ang sukdulang katuparan ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos.
   b. Sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao at pantaong pamumuhay ni Kristo, dinala Niya ang walang hanggang Diyos sa taong may hangganan, pinag-isa at pinaghalo Niya ang Tres-unong Diyos sa taong may tatlong bahagi, at inihayag Niya sa Kanyang pagkatao ang masaganang Diyos sa Kanyang mayamang katangian sa pamamagitan ng Kanyang mga masamyong kagalingan.
   c. Ang pagkapako ni Kristo sa krus ay isang humahaliling kamatayan, isang nagpapaloob ng lahat na kamatayan, isang nagpapaloob ng lahat na pambatas na katubusan, na tumapos sa lumang nilikha at lumutas sa lahat ng suliranin (Juan 1:29); sa Kanyang pagkapako sa krus, tinubos Niya ang lahat ng bagay na nilikha ng Diyos at natisod dahil sa kasalanan (Heb. 2:9; Col. 1:20), nilikha (pinaglihi) Niya ang bagong tao sa pamamagitan ng Kanyang dibinong elemento (Efe. 2:15), at pinalaya Niya ang Kanyang dibinong buhay mula sa loob ng balat ng Kanyang pagkatao (Juan 12:24; 19:34; Luc. 12:49-50).
   d. Sa Kanyang pagkabuhay na muli, Siya ay ipinanganak upang maging ang panganay na Anak ng Diyos (Gawa 13:33; Roma 1:4; 8:29), Siya ay naging ang Espiritung nagbibigay-

buhay (1 Cor. 15:45b), at Kanyang isinilang na muli ang milyun-milyong tao upang maging mga anak ng Diyos bilang mga sangkap ng Katawan ni Kristo at mga bumubuong sangkap ng isang bagong tao, ang ekklesia (1 Ped. 1:3; Col. 3:10-11).

e. Siya ay umakyat sa kalangitan at pagkatapos ay bumaba bilang ang Espiritu upang ibunga ang ekklesia bilang ang isang bagong tao para sa sama-samang kahayagan ng Tres-unong Diyos—Joel 2:28-32; Gawa 2:1-4, 16-21.

B. Kaya, ang ekklesia bilang ang realidad ng isang bagong tao ay isa ring bahagi ng dibinong kasaysayan, ang intrinsikong kasaysayan ng dibinong hiwaga sa loob ng panlabas at pantaong kasaysayan; sa katapusan ng bahaging ito ng dibinong kasaysayan, si Kristo ay babalik kasama ang Kanyang mga mandaraig bilang Kanyang hukbo (Joel 1:4; 3:11) upang talunin si Antikristo at ang kanyang hukbo.

C. Kasunod nito, ang sanlibong taong kaharian ay darating; sa kalaunan, ang kahariang ito ay mapasusukdol sa Bagong Herusalem sa bagong langit at bagong lupa; ang Bagong Herusalem ay magiging ang sukdulan, ganap, na hakbang ng kasaysayan ng Diyos.

**II. Kay Pedro (ang pangingisdang ministeryo), kay Pablo (ang pagtatayong ministeryo), at kay Juan (ang paghahayumang ministeryo), natin makikita ang nais ng puso ng Panginoon na magkaroon ng isang bagong tao:**

A. Ginamit ng Diyos si Pedro sa araw ng Pentecostes upang dalhin ang maraming Hudyong mananampalataya (Gawa 2:5-11); higit pa rito, si Cornelio ay nakatanggap ng isang pangitain sa panalangin (10:30), at si Pedro ay nakatanggap din ng isang pangitain sa panalangin (bb. 17, 19) na sa pamamagitan nito ang plano at pagkilos ng Diyos (bb. 9b-14, 27-29) na magtamo ng mga Hentil para sa praktikal na pag-iral ng isang bagong tao ay naisagawa.

B. Inihahayag ni Pablo sa Efeso 2:14-15 na nilikha ni Kristo kapwa ang mga Hudyo at mga Hentil tungo sa isang bagong tao sa pamamagitan ng Kanyang lumilikha-ng-bagong-taong kamatayan (cf. 4:22-24); sinasabihan tayo ni Pablo sa 1 Corinto 12:13 na tayong lahat ay nabautismuhan sa iisang Katawan, "maging Hudyo o Griyego"; sa Galacia 3:27-28 ay sinasabihan tayo ni Pablo na yaong mga nabautismuhan tungo kay Kristo ay ibinihis si Kristo, at "doon ay hindi maaaring magkaroon ng Hudyo ni Griyego"; sa Colosas 3:10-11 ay sinasabihan tayo ni Pablo na ang Hudyo at ang Griyego ay walang lugar sa bagong tao.

C. Sinasabihan tayo ni Juan na binili ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang dugo "ang mga tao mula sa bawat lipi at wika at bayan at bansa" (Apoc. 5:9); ang mga tinubos na ito ang bumubuo sa ekklesia bilang ang isang bagong tao; sa pamamagitan ni Juan ay nakita rin natin na ang mga ekklesia ay mga gintong patungan ng ilawan (1:11-12), at sa kasukdulan, ang mga patungan ng ilawang ito ay magiging ang Bagong Herusalem; sa mga patungan ng ilawan at sa Bagong Herusalem ay hindi tayo makakikita ng mga pagkakaiba sa mga tao.

D. Ipinahihiwatig ng lahat ng ito na araw-araw ay kailangan nating hubarin ang lumang tao at ibihis ang bagong tao sa pamamagitan ng pag-inom sa iisang Espiritu (1 Cor. 12:13) upang tayo ay mapababago sa espiritu ng ating kaisipan sa bawat bahagi ng ating praktikal na pang-araw-araw na buhay para sa pagsasakatuparan ng nais ng puso ng Panginoon upang magkaroon ng isang bagong tao sa realidad (Efe. 4:22-24).

**III. Sa dibinong kasaysayan ay naroon ang bagong nilikha—ang bagong tao na may isang bagong puso, isang bagong espiritu, isang bagong buhay, isang bagong kalikasan, isang bagong kasaysayan, at isang bagong pagpapasukdol—*Mga Himno,* #16; Ezek. 36:26; 2 Cor. 3:16; Mat. 5:8; Tito 3:5:**

A. Ang dibinong kasaysayan, ang kasaysayan ng Diyos sa tao, ay mula sa pagkakatawang-tao ni Kristo sa pamamagitan ng Kanyang pag-akyat sa langit upang maging ang Espiritung nagbibigay-buhay at pagkatapos ay nagpapatuloy sa Kanyang pananahanan sa atin sa pamamagitan ng organikong pagliligtas ng Diyos ng pagsisilang na muli, pagpapabanal, pagpapabago,

pagtatransporma, pagwawangis, at pagluluwalhati upang dalhin tayo sa lubos na realidad ng isang bagong tao at upang gawin tayong maluwalhating kasintahan ni Kristo—Efe. 4:22-24; Roma 5:10; Apoc. 19:7-9.

B. Ngayon ay kailangan nating itanong sa ating sarili ang katanungang ito: Tayo ba ay namumuhay sa dibinong kasaysayan, o tayo ba ay namumuhay lamang sa pantaong kasaysayan?

1. Tayong lahat ay isinilang sa pantaong kasaysayan, subalit tayo ay ipinanganak na muli, isinilang na muli, sa dibinong kasaysayan; kung ang ating pamumuhay ay nasa sanlibutan, tayo ay namumuhay sa pantaong kasaysayan; subalit kung tayo ay namumuhay sa ekklesia bilang realidad ng isang bagong tao, tayo ay namumuhay sa dibinong kasaysayan; sa buhay-ekklesia, ang kasaysayan ng Diyos ay kasaysayan natin; ngayon ang dalawang panig—ang Diyos at tayo—ay may isang kasaysayan, ang dibinong kasaysayan.
2. Pinupuri natin ang Panginoon na tayo ay nasa dibinong kasaysayan, nararanasan at natatamasa ang mga mahiwaga at dibinong bagay para sa ating organikong kaligtasan at para sa Kanyang pagpapalaganap sa pamamagitan ng pagpapahayag ng ebanghelyo sa buong pinananahanang lupa (Efe. 2:14-17; 6:15; cf. Mat. 24:14) nang sa gayon tayo ay maging ang isang bagong tao sa realidad upang maging ang Kanyang nananaig na kasintahang babae.

*© 2020 Living Stream Ministry*